# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Pagkilala sa Pangatnig (Mga Sagot)

Kakayahan: Natutukoy ang pangatnig sa pangungusap

Ikahon ang pangatnig sa bawat pangungusap.

1. Magaling umawit si Joey [at] mahusay magtugtog ng gitara si Dean.
2. Tawagan mo ako sa opisina [kung] may dumating na sulat mula kay Ernesto.
3. Si Tita Mia [o] si Ate Lisa ang sasama sa aming klase sa lakbay-aral.
4. Wala akong tiwala kay Raul [dahil] madalas siyang magsinungaling sa akin.
5. Uminom na ako ng gamot kaninang umaga [ngunit] masakit pa rin ang ulo ko hanggang ngayon.
6. Dadalhin ko ang itim na maleta [at] ang pulang bag sa eroplano.
7. Nakaluto na ako ng pinakbet dati [pero] nakalimutan ko na ang ibang sangkap.
8. Salamat sa regalo mo [subalit] sa Disyembre pa ang kaarawan ko.
9. Manonood ka ba ng balita sa telebisyon [o] pakikinggan mo na lang ang balita sa radyo?
10. Magbaon ka ng payong [dahil] baka umulan mamayang hapon.
11. Napakalakas ng tunog ng kidlat [kaya] napasigaw ang magkakapatid.
12. Ipapakita ko kina Tatay at Nanay ang marka ko sa pagsusulit [para] makita nila na nagsisikap ako sa pag-aaral.
13. Naghuhugas ng mga bote at tsupon si Martha [habang] natutulog nang mahimbing ang kanyang sanggol.
14. Inihain ng mga sundalong Pilipino ang kanilang buhay [upang] ipagtanggol ang Pilipinas sa mga bagong mananakop.
15. Si Janice ang nahirang na maging kalahok sa paligsahan [sapagka't] siya ang pinakamagaling na manunulat sa ating klase.

© 2014 Pia Noche 